
# QUARTER 3 WEEK 3

| LESSON EXEMPLAR IN FILIPINO | |
|---|---|
| ***Baitang at Pangkat:*** | ***Guro:*** |
| ***Petsa:*** | ***Paaralan:*** |
| ***Week 3*** | |
| ***A. Pamantayang Pangnilalalman*** | Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin |
| ***B. Pamantayan sa Pagganap*** | Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksy on nang may wastong tono, diin, bilis, antala at intonasyon |
| ***C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto*** | Nagagamit ang mga salitang pamalit sa ngalan ng tao |
| ***D. Pinakamahalagang Kasanayan sa Pagkatuto (MELC)*** ***(Kung mayroon, isulat ang Pinakamahalagang Kasanayan sa Pagkatuto o MELC)*** | Nagagamit ang mga salitang pamalit sa ngalan ng tao ( ako, ikaw, siya, tayo, kayo sila )***F2WG-Ig-3, F2WG-Ii-3*** |
| ***E. Pagpapaganang Kasanayan (Kung mayron, Isulat ang pagpapaganang kasanayan))*** | |
| ***F. Pagpapayamang Kasanayan (Kung mayroon, Isulat ang pagpapayamang kasanayan)*** | |
| ***II. NILALAMAN*** | Paggamit ng wasto ng panghalip |
| ***III. KAGAMITAN PANTURO*** | |
| A. Mga Sanggunian | MELC p.202 CG.p 23 |
| 1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro | p. 68-69 |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pangmag-aaral | P 146-156 |
| 3. Mga Pahina sa Teksbuk | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa Portal ng Learning Resource | |

| | |
|---|---|
| B. Listahan ng mga Kagamitang Panturo para sa mga Gawain sa Pagpapaunlad at Pakikipagpalihan | , Modyul |
| ***IV. PAMAMARAAN*** | |
| A. PANIMULA<br><br>***Alamin***<br><br>***Subukin***<br><br>***Balikan*** | Sa araling ito, matututunan mo kung paano gamitin ang panghalip panao<br><br>Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong.<br><br>**Ang Matulunging Mag-Anak**<br><br>Ang mag-anak na Reyes ay likas na matulungin.<br>Sila ay nasa kalapit na barangay upang tulungan  ang mga taong nasunugan. Sina Aling Oneng at Mang Romy ang nagbibigay ng pagkain.<br>Sina Ben, Tina at Leo ang tumutulong sa pag-eempake ng mga pagkain na ipamimigay. "Ako na ang maglalagay sa plastik ng noodles, " ang sabi ni Ben.<br>"Ikaw naman, Tina, ang maglalagay ng mga de lata. Siya naman ang maglalagay ng mga bigas," sabay turo ng dalawang bata kay Leo.<br><br>Mga Tanong:<br><br>1. Sino ang maglalagay ng noodles sa plastik?<br><br>2. Paano ito sinabi ni Ben?<br><br>3. Paano naman sinabi ni Ben ang gagawin ni Tina?<br><br>4. Anong salita ang ginamit niya?<br><br>5. Sino ang tinukoy ng mga bata na magtitimbang ng bigas?<br>Anong salita ang ginamit bilang pamalit sa pangalan ng tauhan? |

| | |
|---|---|
| | A. Isulat ang T kung ngalan ng tao, B kung bagay, H kung hayop, at L kung lugar.<br><br>_____1. basket<br><br>_____2. lapis<br><br>_____3. ospital<br><br>_____4. kalabaw<br><br>_____5. Benigno Aquino |
| B. Pagpapaunlad<br><br>*Tuklasin*<br><br>*Suriin* | Basahin ang mga sumusunod na pangungusap.<br><br>1.Ang aking pangalan ay David Vinzon. Ako ay nasa ikalawang baiting.<br>2. Sina Lanie, Leny at Liset ay aking mga kaibigan. Sila ay lagi kong kasama.<br>3. Si Nora ay aking kamag-aral. Siya rin ay aking kapitbahay.<br><br>Tanong:<br>1.Sa unang pangungusap anong salita ang ipinalit sa pangalang David Vinzon?<br>2. Sa mga pangalang Lanie, Leny at Liset, ano naming salita ang ipinalit ditto?<br>3. Anong salita naman ang ipinalit sa pangalang Nora?<br>4. Anong tawag natin sa mga salitang pamalit sa pangalan ng tao? |
| C. Pakikipagpalihan<br>*Pagyamanin* | A. Bilugan ang tamang panghalip panao.<br><br>1. Ang guro ay pipili ng magiging kalahok sa paligsahan. (Ako, Siya, Ikaw)<br>2. "Ilang taon ka na Bel?" tanong ng guro. "___ ay pitong taong gulang." (Ako, Siya, ikaw)<br>3. Sinabi ng guro kay Bel, "____, ay sasali sa paligsahan. " (Ikaw, Ako, Siya)<br>4. "Hindi ____ po tatanggihan ang nais ninyo." (ko, mo, ka)<br>5. "Salamat at hindi tinanggihan ni Bel_____ ang alok ko. (ko,mo, ka)<br><br>B. Magbigay ng limang pangungusap gamit. ang panghalip panao.<br><br>1.<br>2.<br>3. |

| | |
|---|---|
| | 4.<br>5.<br>C. Lagyan ng wastong panghalip panao ang patlang.<br><br> |
| D. Paglalapat<br><br><br><br><br><br><br>*Paglalahat* | Gamitin ang mga panghalip panao sa pangungusap.<br>1. sila<br>2. kayo<br>3. tayo<br>4. kami<br>5. siya<br><br>• Ang **ako, ikaw, siya, akin, mo, ko, kaniya, niya,** at **kita** ay mga **panghalip panao**. Ito ay mga salitang panghalili sa ngalan ng tao. Ang ako, akin at ko ay tumutukoy sa nagsasalita.<br>• Ang **ikaw, mo,** at **kita** ay tumutukoy naman sa kinakausap at ang **siya, niya** at **kaniya** ay tumutukoy sa pinaguusapan.<br>• Ang **kami, kayo, sila** at **tayo** ay mga panghalip panao. Ginagamit ang **kami** at **tayo** kung tumutukoy sa taong nagsasalita at kaniyang mga kasama. **Kayo** naman ang ginagamit sa mga taong kausap ng nagsasalita at sila sa mga taong pinag-uusapan. |
| E. Pagtataya | Guhitan ang angkop na panghalip panao sa pangungusap.<br>1. (Siya, Ka, Mo) ang aking guro sa Filipino.<br>2. Tulungan (ko, mo, siya) ang nangangailangan.<br>3. (Ko, Niya, Ako) ay nasa ikalawang baitang.<br>4. Hawakan (siya, ako, mo) ang malamig na yelo.<br>5. Hindi (siya, ako, ko) nabasa ang aklat. |
| ***V. PAGNINILAY (Reflection on the type of Formative or Assessment Used for the Particular Lesson)*** | Kumpletuhin ang bawat pangungusap.<br><br>1. Ang natutuhan ko ngayon ay_____________________________________________________<br>___<br><br>2. Nalaman kong____________________________________________________________ |

| | |
|---|---|
| | 3. Gusto ko pang malaman_______________________________________________ |